Republika ng Pilipinas

**KAGAWARAN NG EDUKASYON**

Rehiyon XII

**SANGAY NG PAARALANG LUNGSOD**

**__________ DISTRICT**

Lungsod ng ______________

## IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT SA ARALING PANLIPUNAN
## Grade II

Pangalan: ______________________________________________ Iskor: ____________

*Direksiyon:* Bilugan ang TITIK ng tamang sagot sa bawat bilang.

**KNOWLEDGE (1-10)**

1. Ano ang tawag sa ginagawa/ginagampanan ng isang tao bilang katumbas ng mga karapatang kanyang tinatamasa?
   A. pangarap B. tungkulin C. karapatan

2. Ano ang tawag sa mga alituntunin at kautusan o batas na ginagawa ng Sangguniang Barangay?
   A. batas B. ordinansa C. alituntunin

3. Ano ang tawag sa mga pangangailangang dapat tinatamasa ng isang tao upang makapamuhay siya nang maayos?
   A. tungkulin B. karapatan C. panagarap

4. Alin sa mga sumusunod ang dapat ibigay sa mga bata upang sila ay maging malusog na bata?
   A. mga aklat B. mga damit C. mga masustansiyang pagkain

5. Ang bawat karapatan ay may katumbas na_______
   A. pagpapahalaga B. pagsasaayos C. pananagutan

(Para sa bilang 6 -10: gamitin ang mga ito sa pagpipilian ng mga sagot)
Isulat ang titik bago ang bilang.

A. Karapatang maging malusog
B. Karapatang makapag-aral
C. Karapatang makapamili ng relihiyon
D. Karapatang makapaglibang
E. Karapatang maproteksiyunan laban sa pang-aabuso

_____ 6.Laging sinasaktan si Bela ng kanyang tatay. Nagsumbong siya sa pulis

_____ 7. Si Joaquin ay nag-aaral sa pampublikong paaralan ng San Fernando.

_____ 8. Masayang nagtatakbuhan at naglalaro ang mga bata sa palaruan.

_____ 9.Si Abdul ay isang Muslim, samantalang si Yael ay isa namang Katoliko.

_____ 10. Bawat buwan pumupunta sa Health Center si Nanay Sela upang ipabakuna ang kanyang anak laban sa sakit.

**PROCESS (11-20)**
(Para sa bilang 11-20, isulat ang TAMA o MALI)

__________ 11.Ang pagtutulungan at pakikipagkapwa ay kinakailangan ng isang komunidad sa paglutas ng mga problema.

__________ 12.Ang pagtutulungan ay mahalaga sa panahon ng kagipitan at kalamidad.

__________ 13.Mahalaga ang pagtutulungan ng mga babae at lalaki upang magkaisa ang mga tao sa panahon ng kagipitan.

__________ 14.Ang bawat bata ay may pangarap na komunidad.

__________ 15.Pangarap ng bawat tao ang komunidad na maunlad, malinis, masaya at may di-pagkakaunawaan.

__________ 16.Ang mga magagandang kaugalian tulad ng pagiging masipag sa pag- aaral, matiyaga at masunurin ay ilan lamang sa mga kaugaliang dapat taglayin upang matupad ang pangarap na komunidad.

__________ 17.Ang anumang mabigat na gawain at suliranin ay mapagagaan kung may pagtutulungan at pagkakanya-kanya ang bawat kasapi ng komunidad.

__________ 18.Ipinagbabawal ang paggamit ng mga sasakyang nagbubuga ng maitim na usok.

__________ 19.Magtapon ng basura kahit saan kung walang nakalagay na basurahan.

__________ 20.Ipinagbabawal ang pagsasakay nang labis sa itinakdang bilang na mga upuan ng mga pasahero sa pampublikong sasakyan.

**UNDERSTANDING**

21. Bakit mahalaga na gawin ang bawat tungkulin ng mga tao sa komunidad?
    A. upang maging masaya ang buong pamilya
    B. upang maging maayos ang pagsasama sa pamilya
    C. upang magkaroon ng pag-aaway sa pamilya

22. Kung hindi mo susundin ang batas trapiko sa daan, ano ang maaaring mangyari?
    A. magiging responsable kang mamamayan
    B. magiging mabuti kang mamamayan
    C. mapapahamak ka at magiging iresponsableng mamamayan

23. Ano ang pakiramdam ng isang taong nakatulong sa kapwa?
    A. masaya B. malungkot C. masakit

24. Nakita mong nasusunog ang bahay ng iyong kapitbahay, ano ang maaari mong gawin?

   A. Hahayaan lamang at walang gagawin
   B. Tatawag ng bumbero sa pinakamalapit na himpilan
   C. Kukuha ng tubig upang patayin ang sunog

25. Marami kang nakitang mga nakatambak na bote at dyaryo sa gilid ng kalsada. Ano ang maaari mong gawin?

   A. Pabayaan lamang hindi naman ito sa akin
   B. Itapon sa basurahan
   C. Ipunin at ipagbili sa *junk shop* upang magamit sa mabuting paraan

26. Nakasulat sa babala ang “Bawal ang Manigarilyo.” Nakita mo na maraming tambay ang naninigarilyo sa tapat ng babala.Ano ang iyong gagawin?

   A. Aalisin ko ang babala na nakasulat
   B. Lalapitan sila at ipaalala sa kanila ang nakalagay sa babala
   C. Pabayaan ko na lamang sila

27. Namamasyal ka sa palaruan ng iyong komunidad. Nakita mong sinulatan ng mga bata ng pentel pen ang “seesaw.”Ano ang iyong gagawin?

   A. sasabihan sila na huwag susulatan ang palaruan
   B. pababayaan lamang dahil mga bata lamang sila
   C. tatawag ng pulis at ipapakulong ang mga bata

28. Napansin ko sa aming barangay na ang mga kalalakihan ay umiihi kahit saan lalo na sa mga pader at gilid ng mga gusali. Anong ordinansa ang maaari mong imungkahi sa inyong barangay na kanilang ipapatupad?

   A. Bumaba at sumakay sa mga sasakyan sa tamang lugar lamang.
   B. Bawal umihi sa mga bakod at pader ng mga gusali.
   C. Bawal sa mga batang 18 taong gulang - pababa ang maglakad sa kalye simula 10:00 ng gabi hanggang 4:00 ng umaga.

29. Dumarami ang mga pangyayari sa inyong komunidad sa mga kabataang napapahamak at nalululong sa masamang bisyo. Anong ordinansa ang maaaring ipatupad sa inyong barangay sa suliraning ito?

   A. Bumaba at sumakay sa mga sasakyan sa tamang lugar lamang.
   B. Bawal umihi sa mga bakod at pader ng mga gusali.
   C. Bawal sa mga batang 18 taong gulang - pababa ang maglakad sa kalye simula 10:00 ng gabi hanggang 4:00 ng umaga.

30. Aling ordinansa o alituntuninsa mga sumusunod ang may magandang epekto sa kaligtasan ng mga tao?

   A. Bawal tumawid sa hindi tamang tawiran o hindi *“pedestrian lane.”*
   B. Bawal magsulat sa mga pader at sirain ang mga *“sign board.”*
   C.Bawal ang magtayo ng mga pook-aliwan tulad ng pasugalan, inuman, sinehan at *video* karera na malapit sa paaralan.

**“Credit to the author of this file”**